Republic of the Philippines
Department of Education
**CARAGA REGION**
J. Rosales Avenue, Butuan City,
Agusan del Norte, Philippines, 8600

ISO CERTIFIED
9001:2015
Certificate No.:
UAE/QMS/2019/1938

ACCREDITED
MSCB - 158

July 31, 2019

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
DATE 01 AUG 2019
SIGNATURE
CARAGA REGION

**MEMORANDUM PANGREHIYON**
No. 397, s. 2019

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

**SA MGA : TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**
**Rehiyon CARAGA**

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2019** mula ika – 1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041, s. 1997.

2. Bilang tugon sa proklamasyon ng UNESCO na *International Year of Indigenous Languages* (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika) ang taong 2019, pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18-13 na naglalayon na masiglang lumahok ang KWF sa pagdiriwang na ito; at ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 19-03 na nagtatakda ng temang Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino at naglalayon na ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsuran ng mga pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa.

3. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halagang multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;

   b. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF;

   c. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan sa KWF;

   d. Mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang mgbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminasyong pangwika; at

   e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

CLMD11/jpe
11/21/2018



(085) 342 - 8207
(085) 342 - 7347
(085) 341 - 3899
caraga@deped.gov.ph
caraga.deped.gov.ph

4. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 5-9, 2019 | Ako at ang Katutubong Wika Ko |
| Agosto 12-16, 2019 | Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-bayan |
| Agosto 19-23, 2019 | Sarikultura: Multilingguwalismo at Paguugnayan para sa Isang Bansang Filipino |
| Agosto 26-30, 2019 | Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Filipino |

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

6. Para sa karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino,** Sangay ng Edukasyon at *Networking,* Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacanang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono (02) 736-2519; o email: komisyonsawika@gmail.com at website: www.kwf.gov.ph

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
Schools Division Superintendent
Officer –In- Charge
Office of the Regional Director

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg.: 079 , s. 2019

Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

CLMD11/jpe
07/31/2019

2019-07-10890

Republic of the Philippines
# Department of Education

24 JUN 2019

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **079** , s. 2019

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2019** mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.

2. Bilang tugon sa proklamasyon ng UNESCO na *International Year of Indigenous Languages* (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika) ang taóng 2019, pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18–31 na naglalayon na masiglang lumahok ang KWF sa pagdiriwang na ito; at ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 19-03 na nagtatakda ng temang Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino at naglalayon na ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa.

3. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halagang multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;
b. mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF;
c. mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan sa KWF;
d. mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminisasyong pangwika; at
e. maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Ang lingguhang paksa sa loób ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 5–9, 2019 | Ako at ang Katutubong Wika Ko |
| Agosto 12–16, 2019 | Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-bayan |
| Agosto 19–23, 2019 | Sarikultura: Multilingguwalismo at Paguugnayan para sa Isang Bansang Filipino |
| Agosto 26–30, 2019 | Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Filipino |

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

6. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino**, Sangay ng Edukasyon at *Networking*, Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2519; o *email*: komisyonsawika@gmail.com at *website*: www.kwf.gov.ph.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg.: 119, s. 2018

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MCDJ/DJP DM Buwan ng Wikang Pambansa 2019
0349/May 29/30, 2019

CIVIL SERVICE COMMISSION
Republic of the Philippines

Patalastas Bilang. 24, s. 2019

# PATALASTAS

**SA** : **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA** : **Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2019**

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** ang mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing **1-31 ng Agosto**.

Bilang tugon sa proklamasyon ng UNESCO na International Year of Indigenous Languages (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika) ang taong 2019, pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18-31 na naglalayon na masiglang lumahok ang KWF sa pagdiriwang na ito; at ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 19-03 na nagtatakda ng temang "Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino" at naglalayon na ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa.

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

a. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halaga ng multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;

b. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na magsagawa ng mga gawaing pangwika;

c. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang kamunidad; at

d. Mapangalagaan ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang laban sa mga diskriminasyong pangwika.

| Linggo at tema | Antas at mga Gawain<br><br>**MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO** |
|---|---|
| **5-9 Agosto 2019**<br><br>Ako at ang Katutubong Wika Ko | • Pagbibigay ng mga pagsaalang-alang pangwika (linguistic consideration) para sa mga serbisyong frontline at/o programa<br>• Pagtataas ng Watawat bilang hudyat ng pagbubukas ng Buwan ng Wika<br>• Pagpapaskil ng ahensiya ng tarpolin o poster para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika |
| **12-16 Agosto**<br><br>Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-bayan | • Pagbibigay ng mga grant at/o gawad para sa mga programa para sa mga katutubong wika<br>• Pagdaraos ng mga eksibit ng mga salita o katawagan mula sa iba't ibang katutubong wika sa bansa |
| **19-23 Agosto**<br><br>Sarikultura: Multilingguwalismo at Pag-uugnayan para sa Isang Bansang Filipino | • Linguistic Mapping<br>• Pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pampubliko sa wikang Filipino at sa mga wikang katutubo<br>• Pagsusuot ng iba't ibang katutubong kasuotan ng mga Filipino |
| **26-30 Agosto**<br><br>Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Filipino | • Lobbying at pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan |

# MUNGKAHING TALATAKDAAN: BUWAN NG WIKA 2019

## Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino

| | Martes | Miyerkoles | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 30 | 31 | AGOSTO 1 | 2 | 3 | 4 |
| agtataas ng<br>ihang Wika | | | Kampong Darepdep (San Fernando, La Union) | | | |
| | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| | UST Hasaan 2019 | | | Seminar sa Korespondensiya Opisyal – Kagawaran ng Agrikultura | Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura: Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika Bilang Yaman ng Bansang Filipino (SWK Jose Rizal Memorial State University) | |
| | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| ika at<br>igaw (SWK<br>College of | Tertulya sa Katutubong Marindukanon: Paglalahad at Paglulunsad ng Koleksiyon ng Video Etnograpiya mula 2008 hanggang 2018 (SWK Marinduque State College) | KWF Araw ng Pagtatatag | | Seminar Workshop sa Pagsulat ng Dula (SWK Batangas State University) | Aksiyon Riserts sa Transpormatibong Edukasyon (SWK Sorosogon State College)<br><br>Hasahan Hu Bukidnon: Pagtitipon, Pag-uusap, at Kumperensiya sa Saliksik sa Wika, Literatura, at Kultura ng Pitong Tribu ng Bukidnon (SWK Bukidnon State University) | |

| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
|---|---|---|---|---|---|
| Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika<br><br>KWF Aklat ng Bayan sa Bacolod | | Kolokyum ng mga Pananaliksik sa Filipino (SWK Quirino State University) | Seminar sa K-3: Katuturan, Kabisaan, Kamalayan (SWK Nueva Ecija University of Science and Technology)<br><br>Kongreso Pampananaliksik: Pagbasa ng Saliksik Papel Kaugnay sa mga Katutubong Wika ng Rehiyon (SWK Bulacan State University)<br><br>Seminar sa Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Wika at Panitikang Bikol sa Mga Mag-aaral sa Ikadalawampu't Isang Siglo (SWK Central Bicol State University of Agriculture)<br><br>Tertulyang Pangwika 2019: Pananaliksik sa Wikang Filipino (SWK Pangasinan State University) | Panayam sa mga Saliksik sa Wikang Waray at Katutubo (SWK Leyte Normal University) | Ika-2 Tertulya sa Kolaborasyonng Multidisiplinaring Pananaliksik Gamit ang Wikang Filipino ng mga Pag-aaral sa Iba't Ibang Larang (SWK La Consolacion College Bacolod) |

| | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pammadayaw: Araw ng Gawad | Usapang Mëranaw (SWK Mindanao State University – Marawi)<br><br>Kontemporaneong Mga Estratehiya at Mga Pagdulog sa Pagtuturo ng (Hiligaynon) Mother-Tongue (SWK West Visayas State University) | | KWF Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko<br><br>Tertulya sa Wika at Kulturang Surigaw (SWK Surigao State College of Technology)<br><br>Manide: Isang Forum sa Pamumuhay ng mga Kabihug Tungo sa Kultural na Kamalayan ng mga CamNorteño (SWK Camarines Norte State College)<br><br>Tertulyang Pangwika 2019: Igorot, Dumagat, Alta, Ilongot, at Tagalog-Baler (SWK Aurora State College of Technology) | Chabacano Noon at Ngayon: Ang Pagbabagong-bihis (SWK Western Mindanao State University) | |